



## Pamamahala ng mga Materyal at Pagtugon sa Tapon

Ang *Programa ng Pangangalaga sa Watershed ng Lalawigan ng San Diego* ay sumusuporta sa mga pagsisikap ng mga negosyo para maiwasan ang polusyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga mahahalagang Stormwater Best Management Practices (BMP) o mga Pinakamagandang Kaugalian sa Pamamahala ng Stormwater.

! Ang tubig na pinapakawala sa mga kalsada, alulod, at mga kanal sa Lalawigan ng San Diego ay HINDI PA NALINIS bago ito makarating sa ating mga lokal na sapa, ilog, at sa karagatan. Ang lahat ng pinagmumulan ng polusyon ay pinagbabawalang makaalis sa inyong pag-aari at makapasok sa mga kalsada o kanal. Tubig-ulan lang ang pinapayagan sa kalsada at mga kanal. *Ang mga tip na ito sa pamamahala ng mga materyal at tapon ay makakatulong para panatilihin malinis ang ating mga daanan ng tubig.*

### Pagtatago ng Materyales

- ❑ Lagyan ng berm at takip ang lahat ng mga kagamitan sa mga lugar na taguan.
- ❑ Panatilihin nasa maayos na kondisyon ang lahat ng mga taguang lalagyan, at panatilihin nakatakip nang husto ang mga lalagyan kapag hindi ginagamit.
- ❑ Inspeksyunin ang mga lugar na taguan nang hindi bababa sa isang beses bago ang panahon ng tag-ulan (karaniwan mula Oktubre hanggang Abril) at kada tatlong buwan kapag panahon ng tag-ulan.
- ❑ Isulat ang mga resulta ng inspeksyon at panatilihin ang mga rekord na ito sa loob ng dalawang taon.
- ❑ Kapag bumabyahe, itago nang maayos ang lahat ng mga materyal at kagamitan sa loob ng sasakyan.

### Mapanganib na Basura

- ❑ Itago at itapon ang lahat ng mga mapanganib na materyal ayon sa Material Safety Data Sheets (MSDS) o Mga Dokumento ng Datos Tungkol sa Kaligtasan ng Materyal at lahat ng mga naaangkop na batas at regulasyon.
- ❑ Tanungin sa mga nagtitinda, kasama, at mga tauhan ang mga hindi masyadong nakakalason na materyal na magiging epektibo pa din.
- ❑ Ilagay ang lahat ng mga lugar kung saan ginagamit, itinatago, at itinatapon ang mga mapanganib na basura nang malayo sa mga kanal o anyong tubig.

*mas madami pang tip >>>*

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa Stormwater Hotline sa (888) 846-0800 o bisitahin ang [www.sandiegocounty.gov/dpw/watersheds.html](http://www.sandiegocounty.gov/dpw/watersheds.html) para sa WPO.



maaari nating  
pangalagaan ang  
ating mga daanan  
ng tubig

sa kaunting  
hakbang lang.





## Mapanganib na Basura

- Itago ang mga mapanganib na basura sa loob o sa mga nakataas na lugar at nang natatakpan.
- Itago ang mga mapanganib na basura gamit ang mga pangalawang paraan ng pagtatago (hal. berm, paleta ng tapon, sa pakete na lalagyan).
- Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga hinihingi ng Grupo ng mga Mapanganib na Materyal ng Lalawigan ng San Diego, tumawag sa (858) 505-6880.

## Mga Tapon

- Panatilihin namementena at madaling makuha ang lahat ng mga materyal at kagamitang kailangan sa pagtugon sa tapon. Magpaskil ng mga karatula para maipaalala sa mga tauhan ang mga lokasyon ng mga kagamitan sa paglilinis ng tapon.
  - Kaagad na linisin ang mga tapon at tagas kapag nangyari ang mga ito.
  - Kapag nagwawalis, ihiwalay ang mga materyal na maaaring i-recycle.
  - Gumamit at magpanatili ng mga sahuran sa ilalim ng tumatagas na kagamitan; i-recycle ang likido.
  - Gumamit ng mga basahan o materyal na maaaring i-recycle para sa inyong mga pamamaraan sa paglilinis ng tapon.
  - Gumamit ng mga kit para sa tapon kapag walang paraan ng pag-ayos na maaaring gawin. Ihiwalay ang mga basura mula sa tapon na maaaring i-recycle at itapon.
  - Pasakan ang sahig para sa madaling paglilinis ng tapon.
  - Maayos na itapon ang mga ginamit na panlinis na materyal batay sa lahat ng naaangkop na batas at regulasyon.
  - Ang mga mapanganib na tapon ng material ay dapat na ipaalam sa Hazardous Materials Division (Grupo ng Mapanganib na Materyal) sa (858) 505-6673.
  - Iwasang kumalat ang mga tapon sa ibang lugar. Kaagad na ipaalam ang anumang tapon o tagas na umabot sa sistema ng storm drain sa pamamagitan ng pagtawag sa Stormwater Hotline sa (888) 846-0800.
- !** Ang pagpapakawala ng mga dumi nang direkta o di-direkta sa loob ng sistema ng storm drain o daanan ng tubig ay isang paglabag sa Watershed Protection Ordinance (WPO) o Ordinansa sa Pangangalaga ng Watershed ng Lalawigan. ***Obligadong sumunod ang negosyo ninyo sa WPO at sa mga sumusunod na pinakasimpleng BMP.***

**salamat** sa pagggawa ng inyong bahagi para pangalagaan ang ating mga daanan ng tubig.



Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa Stormwater Hotline sa (888) 846-0800 o bisitahin ang [www.sandiegocounty.gov/dpw/watersheds.html](http://www.sandiegocounty.gov/dpw/watersheds.html) para sa WPO.